We have several persons confirming that there is a stockpile of drugs in Dipolog City. Nakakapagtaka rin po na sa sobrang masugid na kampanya sa droga ng ating mahal na Presidente, mistulang walang nangyayari sa Dipolog City. Ni wala pong high-profile drug personality ang nadakip at nai-prisinta sa media. Ang isang pangyayari na tumatak lamang ay ang pag-assassinate sa high-profile drug personality na si RG Guico, who was a detained prisoner going to the Bulwagan ng Katarungan, who was assassinated by a sniper who shot him from long distance using a high-powered firearm. Bakit po pinatay ng isang sniper ang isang detained prisoner na papunta sa Bulwagan ng Katarungan? It is obvious that they wanted to silence him katulad ng maraming iba na gustong magsalita kung sino ang nasa likod ng drug business sa Dipolog City and in the province of Zamboanga del Norte.

Mme. Speaker, ako rin po ay biktima ng isang assassination plot. I survived an assassination plot against my life during the campaign period. Pinagbabaril po ako at ang mga kasama ko sa isang maliit na town na La Libertad. Hanggang ngayon po, hindi pa rin nakakasuhan; hindi pa rin gumagalaw ang PNP hanggang ngayon; na-transfer lang ang mga pulis na involved sa pagtangka sa pagpatay or sa pagpapalano sa pagpatay o pagkuha sa aking buhay at sa buhay ng mga kasamahan ko. Hindi po namin maintindihan kung paano or something like that could happen when during our rally, it only takes a walk, not even a five-minute walk, from the police station of La Libertad. So, lahat po ng pulis doon ay kinasuhan natin dahil wala ni isang pulis ang rumesponde until siguro makita nila na ubos na kami. Madali lang ito ma-explain.

Si SPO2 Vertudes and his cohorts are untouchable because there is someone powerful enough, rich enough and influential enough to shield them from such arrests and legal action. Mismong si Mme. Secretary De Lima nga ang nagbigay ng order para sa isang prosecutor na imbestigahan ang mismong murder case ni Vertudes. Pero sa pagkakaintindi ko po, ang laban sa droga ng ating mahal na Pangulo ay walang pinipili, walang kinakampihan, walang kaibigan. The mandate of President Duterte is an all-out war against drugs, and I join him in this war. This is why I am using this platform, Mme. Speaker, to show you the drug menace existing in my province. Kaya ito po ang mga hiling at hamon ko sa ating Presidente, sa ating Chief PNP, sa head ng PDEA at sa ating NBI chief.

Imbestigahan at ipatawag na si Vertudes at lahat ng kasama niya sa kanyang grupo. If it is shown by evidence that he is being protected by Governor Uy, huwag po bigyan ng pabor si Governor Uy. Dapat din siyang imbestigahan. Dapat ipa-report na siya sa

Camp Crame at magpaliwanag siya kung bakit nasa poder niya ang isang illegal drug distributor. Pending investigation, palitan na ang mga sumusunod: ang aming PNP provincial director, ang aming Dipolog City chief of police, ang aming NBI provincial director and ang aming PDEA provincial chief. Sila po ang nagtatago, nagpi-filter at ang dahilan kung bakit hindi dumarating dito sa national o sa central office ang so-called matrix na mayroon sa aming probinsiya. Kaya kawanggawa po na lumapit at imbestigahan mismo at magamit itong opportunity na maisiwalat, maipakita at marinig. It is a great injustice to the people of the province of Zamboanga del Norte that the first list na lumabas o inilabas ni President Duterte, hindi po kasama ang mga dapat kasama.

I hope this privilege speech that I am making, Mme. Speaker, ang mabigyan po ng pansin ng ating chief of police, ng NBI, ng PDEA at ng DILG. Tingnan po natin kung gaano po sila kaseryoso sa ilang kampanya sa droga kasi hindi po namin nararamdaman ito sa aming probinsiya. Ipakita ang sinseridad ng PNP, PDEA, NBI at iba pang law enforcement units sa Zamboanga del Norte. Iparamdam ninyo na kayo ay tutupad sa ginagawang kampanya laban sa droga ni Pang. Rodrigo Duterte. Bigyan ng proteksyon ang mga taong gustong magsiwalat ng katotohanan sa illegal drug trade na nangyayari sa aming probinsiya. Ipunin lahat ng ebidensya at magsampa ng nararapat na kaso. Imbestigahan at tingnan kung may kinalaman o nagwawalang-bahala lamang ang mga namumuno sa DILG at DOJ sa panahon ng dating administrasyon upang panagutin ng gross neglect of duty. Kasuhan sa madaling panahon ang dating Secretary ng DOJ sa undue favors na ibinigay sa mga taong naghahasik ng kadiliman sa aming lipunan. Panghuli, katulad din ng mga pangyayari sa huling administrasyon, kailangan na gumalaw ang DOJ o Ombudsman sa pagsampa ng kaso sa lahat ng mga may kinalaman.

Maraming salamat po sa panahon na ibinigay ninyo at sa inyong pakikinig, Mme. Speaker. Nawa ay magbunga ang panawagang ito.

Thank you, Mme. Speaker, my dear colleagues.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Thank you, Rep. Seth Frederick P. Jalosjos from the First District of Zamboanga del Norte.

The Floor Leader is recognized.

REP. PRIMICIAS-AGABAS. Mme. Speaker, a Member of the House wishes to interpellate the Hon. Seth Jalosjos. May I therefore move, Mme. Speaker that the Gentleman from the Third District of Negros Oriental, the Hon. Arnolfo "Arnie" A. Teves Jr., be recognized for his interpellation.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Representative Teves is recognized.

REP. TEVES. Thank you, Mme. Speaker. Good afternoon to everybody. Will the Gentleman from Dapitan yield to some questions?

REP. JALOSJOS. I am very willing to answer the queries of my very good friend and colleague, Congressman Teves from Dumaguete.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Gentleman will please proceed.

REP. TEVES. Mme. Speaker, may I say that I share the same problem of Congressman Jalosjos. Though I am not a victim of an assassination plot as of today, but I know there is an assassination plot against me. Pahero din kami ng problema, na gusto ko sanang matanggal na ang provincial director namin dahil isa siya sa nagpapalano na patayin ako. At isa pa, pareho din ang aming problema na wala pang nangyayari sa mga requests namin. I would like to ask my friend from Dapitan what he thinks we should do to expedite action on our requests?

REP. JALOSJOS. To my honorable colleague, siguro po, hindi ko lang alam kung bakit parang pinagiinitan ang mga kalbo dito sa House. *(Laughter)* Baka siguro puwede na tayong magpatubo ng buhok, baka hindi na tayo pag-iinitan. Joke lang po.

Actually, honestly speaking, on a more serious note, I really think that we should either conduct an investigation dito sa House prompting a call to the provincial director and all the other officials involved in the so-called attempt, or kung mayroon kayong ebidensya that he is threatening your life.

Siguro po nasa tamang panahon and nasa tamang plataporma kung tayo ay magpapatawag ng House inquiry because, Mme. Speaker, seryoso po ang aming pinagdadaan. In fact, si Congressman Teves po ay partner ko pagdating sa committee hearings at palagi po kaming nag-uunahan kung sino ang unang magtatanong, or kung sino ang unang magsasabi ng kanyang experiences, or kung anong nangyayari sa mga distrito namin. Seryoso po ito, Mme. Speaker, and I hope, being an incumbent Congressman and a Member of this august Body, magamit and ma-exercise po namin ang aming karapatan, ang aming privileges as a Member of the House, to conduct an investigation kung bakit hanggang ngayon ay walang movement. Hindi kami napapakinggan so maybe it is high time that we take this issue directly to our Chief PNP.

REP. TEVES. In addition to that, Mme. Speaker, hindi lang ang buhay namin ang nakasalalay dito, we

also share the same problem of our governor using our jail as a vault for their drug trade. Doon nila iniimbak ang droga dahil bawal ngang i-raid ng mga pulis kung hindi magpaalam sa kanila.

Kanina, during the Committee on Justice hearing, I suggested that we make a legislation to allow the police to raid prison facilities without asking permission from whoever is running the jail. Nawawalan ng saysay ang raid kung magpaalam ka sa head ng jail kung siya naman ang nagtatago ng droga doon.

Again, baka puwede natin itong pagtulongan. I do not think any of us here in the House would want any of us gone, me or "Bullet," huwag na tayong maghintay na tirahin pa kami. Dapat ngayon pa lang magpatulong kami, pending investigation. I-relieve na muna sa puwesto ang mga sangkot na pulis hindi lang sa assassination plot kung hindi lalo na sa pagbebenta at pagpo-proteksyon ng mga nagbebenta ng droga na nangyayari sa probinsiya niya at sa probinsiya namin sa Negros Oriental.

REP. JALOSJOS. Yes, Mme. Speaker, I subscribe to the suggestion of my very good colleague. In fact, we will give it our all and we are willing to cooperate with all the other agencies na matulungan natin, mabigyan natin ng tamang impormasyon at masubaybayan naman na ang tamang listahan na umabot dito sa central office ay ang mga tao na karapat-dapat talaga na mailagay.

Mme. Speaker, ang aking colleague na si Congressman Teves, siya ay kapitbahay ko lang talaga sa Dapitan. The distance between Dumaguete and Dapitan is only a stone's throw away as it only takes 30 minutes by boat from his place to ours, and let us not forget also na ang Dapitan po is the entry point and the exit point closest from the Visayas Island. Sana po, Mme. Speaker, mabigyan po ito ng pansin and ma-check na baka naman po doon pumapasok or doon lumalabas ang droga papuntang Visayas or papasok ng Mindanao.

What we are trying to say, Mme. Speaker, is sana po mas mabigyan ng pansin ng kampanya sa droga dito sa aming mga lugar considering we are in a very strategic point, in a very strategic position when it comes to ports. We are only one of the seven BIMP-EAGA ports that go direct to Singapore and on international waters.

Mme. Speaker, after this, siguro puwede naman kaming mag-usap ni Congressman Teves at magtulongan na lang kami, either ipasok namin sa committee but ultimately, gusto po talaga namin mapakinggan ang mga hinaing ng aming mga sinisilbihan na mga kababayan sa aming mga distrito.

Salamat po, Mme. Speaker.

REP. TEVES. Before I end, Mme. Speaker, I would like to ask my colleague from Dapitan kung nagkakasundo ba kami na pareho kaming nagre-request

na i-relieve muna ang mga provincial directors namin pending investigation?

REP. JALOSJOS. Yes, Mme. Speaker. I agree 100 percent and, in fact, I already have done my moves. Alam ko po na my very good friend, Congressman Teves, has already written to either the Chief, PNP or DILG and kung puwede po, makuha ko rin, Congressman Teves, ang inyong request and isasabay ko na po dito sa DILG or doon po sa Crame kung saan karapat-dapat mag-aksyon na kaagad. Salamat, Mme. Speaker.

REP. TEVES. Thank you, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Thank you.

The Floor Leader is recognized.

REP. PRIMICIAS-AGABAS. Mme. Speaker, there being no other Member who wishes to interpellate the Hon. Seth Frederick P. Jalosjos, may I move that his speech, together with the interpellations, be referred to the Committee on Rules for its appropriate action. I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. PRIMICIAS-AGABAS. Mme. Speaker, we would like to acknowledge the presence of some guests in the gallery. They are the guests of the Hon. Florida "Rida" P. Robes of the Lone District of San Jose Del Monte City of Bulacan, the Apostolado ng Panalangin, Sagrada Familia Parish ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Please rise.

REP. PRIMICIAS-AGABAS. ... Barangay Sta. Cruz, city of San Jose Del Monte for the Lakbay Aral sa Kongreso 2016. Mme. Speaker, may I move that they all be recognized.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Welcome to the House of Representatives. (*Applause*)

REP. PRIMICIAS-AGABAS. Mme. Speaker, we would like also to acknowledge the presence in the gallery the guests of the Hon. Anna Katrina M. Enverga, the barangay officials of Barangay Tongohin, Infanta, Quezon. May I move that they all be recognized.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Please rise. Welcome to the House of Representatives. (*Applause*)
The Floor Leader is recognized.

REP. BELARO. Good afternoon, Mme. Speaker. I move that we recognize the Gentleman from BUHAY Party-List, the Hon. Jose “Lito” L. Atienza Jr. for his privilege speech.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Honorable Atienza of BUHAY Party-List is now recognized to speak under the Privilege Hour.

PRIVILEGE SPEECH OF REP. ATIENZA

REP. ATIENZA. Mme. Speaker, thank you.

I stand today on a question of collective privilege as we would like to remind everyone of the significance of September 21 in the life of every Filipino. Noong Setyembre 21, to be exact September 23, we were all surprised, shocked even, when the President of the land then declared the whole nation under a suspended writ of habeas corpus and a one-man rule, in effect, causing a revolution from the center. The year 1972 was a long, long time, that was 44 years ago, and many of us here, I am sure, did not even experience what we did on September 21. I see a few who should remember but many who are young did not go through the process of fighting for our cherished freedom. Noong Setyembre 21, nagdeklara ng one-man rule ang namumuno noon. Ginamit niya ang bisa ng ating Saligang Batas. He cited the constitutional provisions which justified his action, claiming that there was a revolution, there was a rebellion, and there was a threat even from the outside that our nation was imperiled with, that the communists were already knocking in the doors of Metro Manila even. Kaya po iyon, tinanggap po naman ng mga mamamayan na wala pong gaanong gusot sapagkat maganda ang kanyang layunin. He pursued that declaration, 1081, with immediate action, liberating many of us from the bondage of oligarchy ruling the nation. Subalit, pagdaan po ng kaunting panahon, at ilang taon po lamang ang nakaraan, na umaasa kami na iyong kanyang ipinangakong pagbabago ay matutupad niya sa lalong madaling panahon, ito ay hindi po naganap.

Bagkus, ang nagpatuloy po ay abuso sa karapatang pantao ng marami nating mga kapatid na sila po ay hindi makatanggap ng katotohanang tayo ay inalisan ng karapatan. We have been deprived of our writ of habeas corpus. No one was exempted anymore from summary arrest or summary execution even; and lives were sacrificed in the process. Thousands of young Filipinos, some of them were my good friends, my childhood friends, dared to stand up against martial law. Ilan po dito sa ating Kapulungan ay dumaaan din sa napakakitid na paraan upang mabuhay at tayo pong lahat ay nakatawid sa gipit na pamumuhay ng mga panahong iyon.

Iyong mga repormang inumpisahan, iyong disiplinang ipinataw sa atin ay maganda sa simula

subalit sa pagdaan po ng maraming taon—sapagkat hindi po buwan, hindi po taon, kung hindi 14 na taon ang dumaaan bago po tayo nagkamit ng ating kalayaan muli—all the reforms that we experienced were all lost in the end. Balik po tayo sa dati at bagkus, tayo ay pinaghirap pa, sapagkat iyong kalagayan ng Pilipino bago nagkaroon ng Batas Militar ay maunlad. Ang ating salapi ay nagkakahalaga lang ng dalawa sa bawat dolyar. Mataas na po iyong P3.95 to one dollar. Pagkatapos ng Batas Militar, nanatili pong two to one, subalit halos dalawang bayong na piso ang aming dala upang makapagpapalit tayo ng isang dolyar.

So, nakita po natin ang ating demokrasya na ipinaglaban po ng ating mga bayani: Gat Andres Bonifacio, Dr. Jose Rizal, Antonio Luna, Gregorio Del Pilar, at mga kabataang hindi tumigil hanggang hindi natin nakamit ang ating karapatan, dahil ang mga ito po ay pinawalan ng bisa sa Batas Militar, sapagkat ang kamay na bakal ang pinanaig at hindi po iyong karapatan ng mamamayan.

Today as we look back, we must always remember the lessons of Martial Law, the lessons of one-man rule, and the lessons of emergency rule. Dito po sa atin sa lungsod Quezon, mayroon po ditong institusyong kung tawagin ay Dambana ng Kagitingan, na tuwing dadaan po tayo roon, nakikita natin, in big bold letters: “NEVER AGAIN, NEVER FORGET.” Maganda po iyong mga katagang iyon—Never again, never forget—sapagkat hindi na po dapat maulit na tayo ay pamunuan ng isang tao lang. Sa ating paniniwala, ang bisa ng pagiging Pilipino ay biyaya ng Panginoon. Ang pinakamagaling na nilalang sa balat ng lupa ay Pilipino, ang pinakamagandang babae sa balat ng lupa ay Pilipina. Tumingin po kayo sa inyong paligid, pagkagaganda ninyo at hindi lang iyon, matalino, masipag, at mayroon tayong kakayahan na mamuno hindi lamang sa Asya kung hindi sa buong mundo.

Iyong panaginip ni Andres Bonifacio na ang Pilipino ay tanghaling modelo ng mundo ay nagaganap na sana. Sa Asya, number one ang Pilipino. Maski na sa larangan ng paligsahan ng kalakasan, number one ang Pilipino. Noong tayo po ay tinuruan ng pagsunod na lamang at hindi iyong paggamit ng ating kagalingan, naging kulelat na po ang Pilipino. Ngayon, ni hindi tayo mag-qualify sa paligsahan ng kalakasan. Nanalo ang isa nating atleta, kahanga-hanga, sapagkat siya ay naging silver medalist. Samantalang noong araw, tinitingala ang Pilipino. Tayo po ay hindi pangalawa kung hindi champion sa marami pong paligsahan—number one in Asia and contending in the whole world, even that has been lost.

So, it only shows, when you remove the essence of a democracy, which is this checks and balances, we lose our opportunity for greatness. Iyon po ang nais nating dapat matutunan sa yugto at kabanata ng ating

kasaysayan. Sapagkat sa ngayon, ang mga kabataan ay hindi na napansin ang araw na ito. Para sa amin at sana ay para sa ating lahat, sapagkat tayo ay inihalal ng ating mga mamamayan, na mayroon po silang inaasahan—ang pagbabago. Sana ay makawala na tayo sa tanikala ng pag-iisip na isang tao lamang ang kailangan; babaguhin na niya ang landas ng buhay ng Pilipino. Hindi po ganoon ang dapat mangyari. Noong tayong lahat ay nagsasama-sama tungo sa isang direksyon ng ating bansa, maunlad ang Pilipino. Noong tayo ay nilagyan ng tanikala, tayo ay binigyan na lamang ng diktadurya, doon nawala ang kagalingan ng Pilipino.

So, what am I trying to point out, Mme. Speaker? I am trying to remind everybody, as we remind the young of today, that we as Filipinos, we as a nation, have been blessed with so much by the Almighty. Mayaman ang ating lupa. Mayaman ang ating tubig. Mayaman ang lahat ng ating kapaligiran. Ang kailangan lang ay maayos na pamamahala at inspiradong liderato na magbibigay ng karapatang-pantao.

Nakita po natin sa ating kasaysayan, emergency powers have always been a failure in our government, in our nation. Ang akin pong tinuran, Batas Militar noong September 21, 1972. Dumating po ang EDSA Revolution, ang pumalit na pangulo, tinanghal na bayani ng ating kalayaan, ay nagdeklara din ng kanyang bersyon sa pamamagitan ng revolutionary government, emergency powers to be used by the President. Ano po ang naging bunga noong emergency powers na iyon sa pamamagitan ng revolutionary government? Napalitan ng sistemang parlamentarya na noon ay umiiral na, noon ay tumatag na, pinalitan nitong ating sistema ngayon.

Ang masakit na katotohanan, pagkatapos nating pinalitan ang ating sistema, ngayon naman ang pinag-uusapan, bumalik tayo sa parliamentary system. How and why did it happen that we changed our system? Because we had an emergency power given to the President. Nagkaroon po ng suspension of all our rights. Nobody could go against, nobody could speak against, and the system was changed with one signature of a pen.

Masasabi ko po, sapagkat ako po ay kabilang sa administrasyong iyon, mali ang naging desisyon. Bakit? Sapagkat wala pong tinig ang oposisyon at hindi binigyan ng checks and balances ang ating gobyerno for one whole year. Marami pa pong abuso ang nangyari noon na balang araw ay lalabas din sa ating kasaysayan. Ano po ang dahilan? One-man rule, emergency powers.

Dumating po ang Pangulong Ramos, nagkaroon tayo ng problema sa elektrisidad. Ang hiningi niya, emergency powers. Siya lang ang didiskarte. Ngayon, ang ating minana, pinakamataas na presyo ng elektrisidad sa Asya. Mas mataas pa tayo sa Japan na maunlad na maunlad ang ekonomiya. Sapagkat isang

tao lang ang nagplano ng elektrisidad sa ating bansa, so we inherited the problem rather than liberating the Filipinos from the bondage of our electricity costs.

Ang masasabi ko lang po, never will it work that an emergency power given to one man will work for the improvement of life of our nation. Lalo lamang tayong mahihirapan kapag ito ang inilagay natin sa ating isipan—alisin natin ang mga institusyon na nagbibigay ng check and balance in our democratic system. Ang isang demokrasya, para po ito ay yumabong, umunlad, magamit sa kagalingan ng lahat, kailangan po ay mayroong checks and balances. Kailangan po, mayroong pupuna. Kailangan po, mayroong kontra-opinyon. Kailangan po, mayroong kabilang panig sapagkat kapag isa lang panig ang ating pakikinggan ay wala po tayong pupuntahan. Sayang ang ibinigay sa atin ng Dakilang Lumikha.

Today, as we face the problems of the nation, especially on the problem of the traffic condition, we hear again the clamor of the administration for an emergency power to be given to the President. Alam ninyo, Mme. Speaker, as we look back, President Marcos was a very brilliant leader. He was an inspiring politician, the best during his time, but he failed in his promise to give us a better life. Why? Because of the emergency power that he grabbed from the center. Buti na lang ngayon, hindi na po mangyayari iyan sapagkat ang ating Saligang Batas ay hindi na po nagbibigay ng permiso sa sinumang Pangulo na magsasabing kailangan niyang magdeklara ng Martial Law sa buong kapuluan.

Martial Law now has a very limited way of being implemented. Congress, even, has to concur with the declaration and only for a limited time, not what we went through, 44 long years of our young lives were deprived of us. The ingenuity, and the industry of the Filipinos were removed from our citizens. Tayo po ay naging dictated citizens. Naghihintay na lang tayo kung ano ang desisyon ng isang tao. Hindi po nagtagumpay iyan kay Pangulong Cory. Hindi nagtagumpay iyan kay Pangulong Ramos. Hindi rin magtatagumpay iyan kay Pangulong Duterte kung ang ating ibinigay ay one-man rule dito sa ating bansa.

The traffic condition can be solved by a united effort if the institutions can work together, the local government units in particular, the people in general, and those who are mandated to perform their task. Iyon pong mga may trabaho ngayon sa Department of Transportation, lalong-lalo na kung magta-trabaho lamang at hindi tayo mag-uusap ng emergency powers. Nakikita natin ang naghambalang mga illegally-parked buses occupying EDSA, occupying Buendia, occupying the main avenues of Metro Manila. Ito ang isa mga malaking sanhi ng problema natin sa traffic.

Ano ang kailangan diyan, emergency powers? Hindi po—pagpapatupad ng batas ng mga may hawak

ng kapangyarihan ngayon. Nakikita po natin ang mga problema sa lansangan kung saan wala pong sumusunod sa ating mga regulasyon. Kailangan po ba ng emergency powers niyan? Hindi po. Ang kailangan diyan ay dedicated day-to-day enforcement of our laws involving everybody—mayors, vice mayors, councilors, barangay chairmen, kagawads, tanods of our nation can all help.

If we give everything to one man, all the best intentions of President Duterte will not be accomplished. Sayang itong kanyang magandang panimula sapagkat tama ang kanyang pananaw, subalit kung babaguhin natin ang sistema at iaasa na naman natin sa kanya ang solusyon para sa problema ng traffic lamang ay naniniwala po ako that we are doomed from the very beginning.

Ang traffic conditions po ay hindi sapat para gamitin para alisin ang sistema ng demokrasya sa ating bansa. Wala pong ipapalit diyan sa pagbibigay puna at paglalagay ng bisa ng batas sa lahat ng desisyon ng mga namumuno. If we suspend the Procurement Act, if we suspend the bidding processes, if we just allow those who are heading the Department of Transportation today to exercise absolute power over the decisions of solving the traffic situation, we are doomed to fail and sayang naman po ang pagkakataong ito.

Kaya ako ay nanawagan sa lahat ng ating mga kasama dito sa Kongreso: maging mulat tayo sa ating nakita noong Setyembre 21, kung kailan tayong lahat ay nagpailalim sa isang tao. Lingunin natin kung ano ang naibigay ng revolutionary government ni Cory Aquino. Tanggapin natin ang katotohanang hanggang ngayon ay binubuno natin ang presyo ng kuryente sapagkat lahat iyan ay nangyari under an emergency power.

Kung hindi po natin bibigyan ng paraan na ang paggamit ng solusyon ngayon ng Department of Transportation sa kanilang pagbuo ng mga imprastruktura, pagbili ng mga equipment—malamang, kung hindi man si Presidente Duterte, kung hindi man si Sekretaryo Tugade, ang mga tauhan nila ang mag-aabuso rin at gagamitin lang ang mga kapangyarihang iyan upang sila ang makinabang at hindi ang bayan.

We have to stay awake to guard the freedoms, the system, the democratic rights that we have already inherited through our efforts. Marami pong nagbuwis ng buhay, marami pong mga Pilipino ang nagsakripisyo. Katulad po ng aking kaibigang si Raul Daza, malaki ang kontribusyon niya sa ating kalayaan ngayon. Edcel Lagman, nandito pa po at kasama natin, malaki po ang kontribusyon niya sa ating tinatamasang kalayaan. Subalit kung tayo na mismo ang magbibigay nitong kapangyarihan pantao, itong kapangyarihan ng mamamayan, itong sistemang demokratiko na ating

itinatag para sa atin at para sa ating henerasyon na darating—kasalanan po natin iyan. Kaya huwag nating kalimutan, September 21, one-man rule, emergency powers—iyan ay atin pong dapat itala sa ating puso at damdamin. Never again, never forget—iyan po ang leksyon nitong araw na ito na hindi pwedeng palagpasin, na hindi natin pina-aalala sa lahat ng Pilipino. Sana ang aking tinig na ito, itong aking munting dalangin na ito ay tumimo sa puso ng bawat nakakarinig, na huwag nating ibigay ang ating kapangyarihan sapagkat ito ay sagrado, ito ay binigay ng Panginoong Diyos at dapat lang ipagtanggol natin tuwing ito ay hinahamon ng sinuman.

Maraming, maraming salamat po, Mme. Speaker, and we thank our Members for having listened to our message. Thank you.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Thank you, Representative Atienza.

The Floor Leader is recognized.

REP. BELARO. Mme. Speaker, I move that we recognize the Gentleman from the Second District of Parañaque, the Hon. Gus S. Tambunting, for his interpellation.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Rep. Gus Tambunting of Parañaque is now recognized.

REP. TAMBUNTING. Thank you, Mme. Speaker. May I ask the distinguished Gentleman, ang ini-idolo po natin na kumakatawan sa BUHAY Party-List, kung tatanggap po siya ng kaunting klaripikasyon from this humble Representation.

REP. ATIENZA. Nanggagaling po sa isang maginoo, masipag at inaasahang leader ng Parañaque, maski na anong oras, kakausapin ko po.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Please proceed.

REP. TAMBUNTING. Mme. Speaker, alam po ninyo, noong nag-declare ng Martial Law ay walong taong gulang pa lang ako. Hindi ko po alam kung ilang taon na po kayo noong panahong na iyan.

REP. ATIENZA. Siyam na taon na po.

REP. TAMBUNTING. Hindi ko po alam kung ano ang ekspektasyon ng mga tao noong panahon na iyan, kung ano ang inaasahan nila. Kayo ba ho, personally, pabor ba kayo sa imposition ng Martial Law noong panahon na iyan? At kung kayo ay pabor, ano po ang inaasahan ninyo noong panahon na iyan na mangyayaring pagbabago sa ating bayan?

REP. ATIENZA. Bilang maituturing na isang kabataan, at tama po naman ang aking pinag-aralan noong panahon na iyon, hindi ko po matanggap na tayong mga Pilipino ay kinakailangang bigyan ng diktadurya. Subalit karamihan ng mga Pilipino noon talagang tinanggap ang mga kadahilanan kaya pumayag sila. Ang mga lider politiko natin noon, marami sa kanila ay sumakabilang buhay na, ay aking talagang kinausap, tinawagan sa telepono at tinanong, “Ano ang gagawin natin?” Lahat po sila ay pumayag e, wala akong narinig na hindi sumang-ayon. Ano ang gagawin? Ang sabi, “Tumahimik tayo.”

Isa lang po ang talagang hindi pumayag noon, kaso po, ikinulong agad noong gabi ng deklarasyon ng Martial Law. Ikinulong si Ninoy Aquino sapagkat alam ng ating Pangulong Marcos na hindi papayag si Sen. Benigno Aquino doon sa Martial Law declaration. Sa pangkalahatan, tahimik ang bayan kaya bubulong-bulong na lang po ang nangyari at sumbungan sa kanyang kanyang kaibigan pero wala pong gumalaw kung hindi iyong mga kabataan na talagang hindi makapag-pigil sa kanilang sarili. Ang nakakasakit pong katotohanan, marami sa kanila ay napatay. Kaya lalo pong tumibay ang paniniwalang tanggapin na lang muna natin ito, maganda naman ang intensiyon.

REP. TAMBUNTING. So, binanggit ho ninyo kanina sa inyong talumpati na ang Martial Law ay maganda noong the first few years. Tama po ba ang intindi ko? At bakit siya naging maganda?

REP. ATIENZA. I would say in the first few months sapagkat ...

REP. TAMBUNTING. Months?

REP. ATIENZA. ... talagang binigyang diin ni Mr. Marcos na disiplina ang kailangan, na kailangang sumunod tayo sa ordinansa, sumunod tayo sa batas, sumunod tayo sa tamang aral ng ating paaralaan. In other words, Mr. Marcos attempted to really reshape society at iyong kanyang pangakong “New Society” ay sinimulan niya. Ang mga naghaharing uri noon, the oligarchy at that time, lahat sila hinuli. Kinulong din sila sapagkat gustong ipadama ni Mr. Marcos iyong sinseridad niya, na kailangang pantay-pantay tayo, walang maraming super-millionaire, wala rin namang mahirap na mahirap na Pilipino. Kaya marami po talagang na-kumbinse ang Martial Law noong simula.

REP. TAMBUNTING. So, sa panahon po ngayon, sa tingin po ninyo, hindi po disiplinado ang ating mga kababayan kaya ganito ang sitwasyon, at sa trapiko ay humihingi po tayo ng emergency powers?

REP. ATIENZA. Marami po talagang problema

tayo sapagkat unang-una, dumaan nga tayo sa pagiging command society na kinakailangang utusan tayo bago tayo gumalaw. Iyan po ay para bagang tumibay sa ating ugali na kanya-kanya tayo at una-unahan tayo pero sa ngayon, nakikita ko po na natututo na tayo. Iyon lamang pila sa tren kung kayo ay madadaan sa mga istasyon ng MRT, LRT, makikita ninyo mga kababayan natin, nakapila, kung minsan isang kilometro ang haba, umaambon, nakayuko, malungkot sapagkat pauwi na sila ng kanilang tahanan pero hindi pa sila makasakay ng tren pauwi. Iyan ay disiplina na hindi po nangyayari noong araw, Mme. Speaker. Noong araw, basta mayroong pila ay una-unahan, nag-aaway pa sa pila. Pila lamang sa sine e nag-una-unahan; iyong pang pila sa sasakyan, nako, wala po, hindi po ito kilala ng mga Pilipino noong araw pero ngayon ay natututo na tayo. Magandang senyales po iyan. Ibig sabihin niyan ay mayroon na rin po tayong disiplinang natututunan ngayon.

REP. TAMBUNTING. The Gentleman made the reference po doon sa emergency powers na ginamit po sa kuryente noong panahon po ng dating Pangulong Ramos. He also stated na because of it, tumaas po at naging napakamahal ng kuryente sa ating bansa—isa sa pinakamahal sa Asian region. Ang tanong ko, hindi ho ba naniniwala ang Kinatawan sa kasabihan that “No power is the most expensive power”? Mas mabuting ganito na tumaas dahil at least, may kuryente kaysa sa wala tayong kuryente at laging nagkakaroon ng shortage, lagi ho tayong may mga brownouts, scheduled brownouts, because of the mismanagement of the administration before his time?

REP. ATIENZA. Opo, naniniwala po ako na ang problema ay dulot ng kapabayaang mga namamahala at mga namahala pero ang solusyon, nakita natin, hindi emergency powers sapagkat nagkaroon ng mga kontratang questionable, to say the least, at iyong presyo ng kuryente ay nawala sa kontrol ng mamamayan, nawala sa kontrol ng Kongreso. Ngayon, mayroon tayong Kongresong masipag, mayroon tayong Kongresong matatag. Kung ano ang kailangan e di ibibigay natin, tutulongan natin magkaroon ng solusyon.

Ang problema po natin sa trapik, primarily, iyong mga tren natin, hindi maayos ang pagtakbo. To cite one example, iyong MRT 3, kung patatakbuhan lang po ng tama iyan, kalahating milyong commuters araw-araw ang maihatid nito sa trabaho at maiuuwi sa kanilang mga tahanan. Subalit, ano ang nangyayari ngayon? Breakdown sa kaliwa, breakdown sa kanan. Ano po ang solusyon? Aba, e di iyong mga nagpapatakbo roon, inutusan ng ating Pangulo: “Kapag kayo ay pumalpak, magpalit na kayo ng trabaho. Gagawin ko kayong mga adorno sa inyong kagawaran.”

Katulad na lang po nang ginawa niya sa tanim-bala.

Hindi mapigil-pigil noong nakaraang administrasyon ang tanim-bala, para bagang wala ng solusyon. Alam na natin ang nangyayari; alam na natin kung sino ang may kagagawan niyan. Walang nagawa iyong gobyernong nakaraan. Ano ang sabi ni Pangulong Duterte? “Kapagka mayroon pang tanim-bala na mangyari diyan, mananagot kayo sa akin, personal.” Mayroon pa po bang naganap? Wala na ni isang insidente. Wala, not even one incident of tanim-bala. Nawala po ba iyong nagtatanim ng bala? Hindi po, nandoon pa rin, pero sumunod sa utos ng ating Pangulo.

Ang hinihintay ko pong marinig mula kay Pangulong Duterte, warningan niya lahat ng nagpapatakbo ng PNR, ng nagpapatakbo ng LRT 2, LRT 3, LRT 1, iyong bumubuo ng LRT 7, iyong bumubuo ng LRT papuntang Dasmariñas, Cavite: “Magluko-loko kayo, abusuhin ninyo iyong inyong trabaho diyan, lahat kayo ikukulong ko.” Tingnan nating kapag hindi nag-ingat po lahat iyan.

Therefore, what I am trying to stress is those traffic problems will always exist but the effectivity of management, of those entrusted, they must perform their tasks. Kailangan po ayusin nila ang dapat. Iyon lamang mga vehicular traffic, puna ako nang puna at ngayon sinasamantala ko na naman, pinupuna ko iyong 12 traffic or vehicular tunnels sa Metro Manila. Marami diyan ay madilim. Iyong pagkahaba-habang tunnel sa Makati, madilim po iyon. Tuwing darating tayo at dadaan tayo roon, magmemenor kayo. Ano iyon? Iyon ang isa sa mga sanhi ng traffic condition. Kaya ang kailangan lang po talaga ay masinsin na pagmamalasakit ng mga namumuno.

The Department of Transportation should work with all institutions. Hindi po makakayanan ni Secretary Tugade ang trabaho. Kapag siya ay binigyan ng emergency powers, ang mangyayari po diyan ay emergency corruption sapagkat hindi po traffic ang pag-uusapan diyan kung hindi papaano si Eddie—sinong Eddie e di ako—iyon ang magiging kalakaran.

The checks and balances in our system, if we are to continue as a democracy, must always be protected. We cannot give up our duties, our powers to correct whatever and whenever the government is wrong. The government cannot always be right. There are many instances where they have to be corrected, and President Duterte will be helped greatly if he has the whole Congress and if he has the whole citizenry, helping him correct possible abuses.

So, hindi ko po nakikita na iyong emergency powers sa kamay po ng Pangulo, na ibibigay naman niya sa mga tauhan niya, ang magiging solusyon sa ating problema. It will only aggravate the problems and after a certain time, we will still be discussing the traffic problem of Metro Manila.

REP. TAMBUNTING. Hindi po ba dapat na

ngayon ito ay—I agree with the Gentleman na ang isang ahensya ay, and I will agree with the Gentleman, as good as the people who are managing it. Ang isang batas ay maganda kung maayos iyong mag-iimplementa at maayos iyong pamamaraan ng pag-iimplementa.

Hindi ba ho dapat na pagbigyan natin at tingnan natin ang hinihiling ng ating Pangulo dahil siya mismo, nakikita niya iyong balakid na hinaharap niya kung talagang aayusin niya iyong trapiko in the next six years. Ang hinihingi niya, ang pagkakaintindi ko, ito ay maikling panahon lang, very temporary—dalawang taon at pagkatapos ng dalawang taon, finished or not finished, pass your papers ang kanyang hinihingi. Hindi ba ho dapat na ito ay pagbigyan natin para sila ay makapagsimula at hindi po nila tayo sisihihin later on at sasabihin nila na kaya hindi nila nagawa ito dahil nga doon sa hindi pagbigay sa kanya ng emergency powers?

REP. ATIENZA. Mme. Speaker, the observation of the Gentleman from Parañaque is well-meaning, but I would say, iyan din po ang sinabi ni Mr. Marcos, “Pagbigyan lang ninyo ako mamuno ng mag-isa.” Iyan din po ang sinabi ng Pangulong Cory, “Trust me as I have nothing in mind but the good of the Filipino people.” Iyan din po naman ang sinabi ng Pangulong Ramos, “Pagkatiwalaan ninyo ako sapagkat wala po akong gagawin na kontra sa interes ng mamamayan.”

Ang sinasabi ko po, lahat po ng nangakong iyan, hindi po nila nagawa iyong kanilang kagustuhan, marahil, dahil nga sa mali ang sistema ng one-man rule or emergency power. Kailangan matatag ang mga institusyon. Mayroong checks and balances everywhere, from the national to the local levels, down to the barangay, so that each democratic cell of our government structure and the bureaucracy will be functioning in a democratic way.

